



**EDUKASYONG PANTAHANAN
AT PANGKABUHAYAN
Unang Markahan – Modyul 4:
Entrepreneurship and
Information and Communication
Technology (ICT)**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang matulungan ang mga guro at mag-aaral na mapagaan ang kanilang pagtuturo at pagkatuto. Ang saklaw ng modyul na ito ay pinapayagan na gamitin sa iba't ibang uri ng sitwasyon. Ginamitan ng iba't ibang estratihiya ang bawat aralin upang lubusang matutunan ng mga mag-aaral ang lahat ng layunin sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP). Ang mga leksyon ay inayos upang sundin ang pamantayan nang pagkasunud-sunod ng mga aralin.

Ang modyul na ito ay mayroong iisang aralin:

- Aralin 8 – Ang mga Panganib Nadulot ng Malware at computer Virus

Pagkatapos ng mg aralin sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Natutukoy kung ang isang *computer* ay may *malware* at *virus*
2. Naipaliliwanag ang mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng *computer virus*
3. Naiisa-isa ang mga paraan kung paano maiwasan at matatanggal ang *malware* at *computer virus*



Subukin

Layan ang patlang ng (✓) kung tama ang pahayag at (X) naman kung mali.

- _____ 1. Ang *virus* ay kusang dumarami at nagpapalipat-lipat sa mga *document* o *files* sa loob ng *computer*.
- _____ 2. Ang biglang pagbagal ng *computer* ay palatandaan na may *virus* ito.
- _____ 3. Ang *worm* ay isang *malware* na nangongolekta ng mpormasyon mula sa mga tao nang hindi nila nalalaman.
- _____ 4. Ang *malware* ay anumang uri ng *software* na idinisenyo upang manira ng sistema ng *computer*.
- _____ 5. Ang *Trojan Horse* ay isang mapanirang programa na nagkukunwaring isang kapakipakinabang na aplikasyon.

Aralin 8

Ang mga Panganib Nadulot ng Malware at computer Virus



Balikan

Magbigay ng limang pangungusap tungkol sa ligtas at responsableng paggamit ng computer, internet, email. Ilagay ang sagot sa malinis na papel.



Tuklasin

Kumuha ng isang malinis na papel at gumawa ng maliit na salaysay kung bakit may panganib sa pag gamit ng internet




Suriin

Malaki ang pakinabang sa atin ng paggamit ng *internet*. Sa pag-aaral, nagagamit natin ito sa pagsasaliksik ng mga impormasyon sa paksang-aralin. Nakakapagpalitan tayo ng mga mensahe at nakakukuha ng mga larawan, awitin, *video*, at iba pang bagay na nagagamit sa pag-aaral. Subalit may panganib na kaakibat ang patuloy na paggamit ng *internet*. Isa na rito ang pagkalat ng *malware* at *computer virus*. Mahalagang

malaman kung ano ang mga ito. Paano kumakalat at paano ito maiiwasan.



Nagkakasakit din ang computer tulad ng tao. Kung paanong nagkakasakit ang tao nang dahil sa *virus*, gayundin ang *computer*. Tinatawag itong *computer virus* at *malware*.



Ang **malware** o **malicious software** ay idinisenyo upang makasira ng *computer*. Sa pamamagitan ng *malware*, maaaring ilegal na makuha ang sensitibong impormasyon mula sa *computer*. Ang mga halimbawa ng *malware* ay *virus*, *worm*, o *trojan*.

Ilang Karaniwang Uri ng Malware

virus

- Program na nakapipinsala ng *computer* at maaaring magbura ng *files* at iba pa. Mas matindi ito kaysa sa *worm*. Halimbawa nito ay W32 SFCLMOD.

worm

- Isang nakapipinsalang program sa *computer* na nagpapadala ng mga kopya ng sarili nito sa ibang mga *computer* sa pamamagitan ng isang *network*. Halimbawa: W32 SillyFDCBBY, W32Trresba.

spyware

- *Malware* na nangongolekta ng impormasyon mula sa mga tao nang hindi nila alam.

adware

- *Software* na awtomatikong nagpe-play, nagpapakita, onagda-download ng mga anunsiyo o advertisement sa *computer*.

keyloggers

- *Malware* na nagtatala ng lahat ng mga pinindot sa *keyboard keystrokes* at ipinadadala ang mga ito sa umaatake upang magnakaw ng mga *password* at personal na *data* ng mga biktima.

dialers


- *Software* na may kakayahang tumawag sa mga telepono gamit ang *computer* kung ang *dial-up modem* ang gamit na *internet connection*.

trojan horse

- Isang mapanirang program na nakukunwaring isang kapaki-pakinabang na *application* ngunit pinipinsala ang iyong *computer*. Nakukuha nito ang iyong mahahalagang impormasyon pagkatapos mo itong ma-install. Halimbawa: JS Debeski Trojan.

Ang **computer virus** ay isang uri ng programa na ginawa upang makapanira ng mga lehitimong aplikasyon o iba pang programa ng *computer*. Ito ay kusang umuulit at nagpaparami ng sarili. Karaniwan itong pumapasok sa mga *computer* nang walang pahintulot mula sa gumagamit o *user*.

Basahin at pag-aralan ang ilang paraan sa pagtukoy na may *virus* ang *computer*.



Pagyamanin

Gawain 1.

Ang sumusunod ay mga paraan kung paano maiiwasan ang pagkakaroon ng malware sa computer. Sagutan ang tseklist sa ibaba. Lagyan ng tsek (☐) kung naisasagawa at ekis (X) kung hindi

Mga Paraan kung Paano Maiiwasan ang Pagkakaroon ng <i>Malware</i> sa <i>Computer</i>		
	Oo	Hindi
1. Pag-update ng <i>computer</i> at <i>software</i> .		
2. Paggamit ng <i>account</i> na hindi pang-administrator.		
3. Pagdadalawang-isip bago mag-click ng mga <i>link</i> o mag-download ng anumang bagay.		
4. Pagdadalawang-isip bago magbukas ng mga <i>attachment</i> o larawan sa <i>email</i> .		
5. Hindi pagtitiwala sa mga <i>pop-up window</i> na humihiling na mag-download ng <i>software</i> .		
6. Pagiging maingat sa pagbabahagi ng <i>files</i> .		
7. Paggamit ng <i>anti-virus software</i> .		

Gawain 2.

Isulat ang salitang “Puwede” sa hanay B kung ang pahayag ay mabuting gawin upang maiwasan ang pagkakaroon ng computer virus/malware. Isulat naman ang “Di-puwede” sa hanay B kung hindi ito babuti. Isulat sa malinis na papel ang iyong sagot

Hanay A	Hanay B
Pag-scan nang regular sa iyong kompyuter	
Paglalagay ng anti- virus na mapagkakatiwalaan	
Panonood ng malalaswang palabas sa internet.	
Pagrehistro sa mga kahina-hinalang website.	
Pagbubukas ng attachment galing sa isang email o mensahe na hindi alam ang pinanggalingan o hindi kilala ang <i>sender</i> .	



Isaisip

Ang malware o malicious software ay idinisenyo upang makasira ng computer. Sa pamamagitan ng malware, maaaring ilegal na makuha ang sensitibong impormasyon mula sa computer. Ang mga halimbawa ng malware ay virus, worm, o trojan.

Magbigay ng limang dahilan kung bakit nagkakaroon ng virus at malware sa computer.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Isagawa)

Bakit kailangan nang mga mag-aaral na malaman ang pagtukoy kung ang computer ay mayroon nang malware? Magbigay ng limang masamang epekto nito sa mga itinagong files sa computer.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.



Tayain

Ilagay sa a patlang ng **Tama** kung ang pangungusap ay nagsasabi nang katotohanan at **Mali** naman kung ang pangungusap ay hindi nagsasabi ng katotohanan.

- _____ 1. Ang *virus* ay kusang dumarami at nagpapalipat-lipat sa mga *document* o *files* sa loob ng *computer*.
- _____ 2. Ang biglang pagbagal ng *computer* palatandaan na may *virus* ito.
- _____ 3. Ang *worm* ay isang *malware* na nangongolekta ng impormasyon mula sa mga tao nang hindi nila nalalaman.
- _____ 4. Ang *malware* ay anumang uri ng *software* na idinisenyo upang manira ng sistema ng *computer*.
- _____ 5. Ang *Trojan Horse* ay isang mapanirang programa na nagkukunwaring isang kapakipakinabang na aplikasyon.



Karagdagang Gawain

Ano ang dapat gawin upang maiwasan ang di kanaisnais na mga malware? gumawa ng isang salaysay ukol dito. Gumalit ng malinis na papel ang sagot.

Susi sa Pagwasto

Pagyananin
Gawain 1
1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Oo
5. Oo
6. Oo
7. Hindi

Gawain 2
1. Pwede
2. Pwede
3. Di-pwede
4. Di-Pwede
5. Di-Pwede

Tayahin
1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama

Sanggunian

MELC – p. 399

EPP-4 Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 31-42